Quarter 2
Summative Test No 2
S.Y. 2021 – 2022
Edukasyon sa Pagpapakatao

I Basahin ang bawat pangungusap. Ilagay ang TAMA kung ang isinasaad ng pangungusap ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa pamilya at kapuwa at MALI naman kung hindi. Isulat ang iyong sagot sa patlang.

_____1. Pag-aaway ng magkapatid sa harap ng hapag-kainan.

_____2. Pagdadabog tuwing uutusan ng mas nakatatanda.

_____3. Kusang-loob na pagtulong sa gawaing bahay.

_____4. Nagbabahagi ng baong pagkain sa kamag-aral.

_____5. Pag-aaral ng mabuti.

II Sa iyong sagutang papel, isulat ang TAMA kung ang pangungusap ay nagpapakita ng paggalang sa taong nagsasalita at MALI kung hindi.

_____1. Tatahimik ako habang nagpapaliwanag ang guro.

_____2. Pakikingan kong mabuti ang ibinilin ng aking mga magulang.

_____3. Sasabayan ko sa pagsasalita ang aking kalaro na nagkukwento.

_____4. Hindi ako makikipagdaldalan habang nagtuturo ang aking guro.

_____5. Pahihimtuin ko sa pagsasalita ang aking kapatid upang ako na ang mauna sa pagkukwento.

LIVEWORKSHEETS

III Basahin ang mga sumusunod na sitwasyon. Isulat ang letra ng tamang sagot sa patlang.

_____1 Abala ka sa paglalaro nang biglang tawagin ka ng iyong ina, ano ang isasagot mo?
a. Opo, nariyan na.
b. Bakit ba?
c. Istorbo ka.

_____2 Papasok ka na sa paaralan. Binigyan ka ng baon ng nanay mo. Ano ang sasabihin mo sa kaniya?
a. Aalis na ako.
b. Maraming salamat po.
c. Dagdagan mo ang baon ko.

_____3 Nag-uusap sa may pintuan ang iyong guro at ang kaniyang kapwa guro. Gusto mong pumasok sa loob ng inyong silid-aralan. Ano ang sasabihin mo?
a. Makikiraan po.
b. Padaan ako.
c. Istorbo naman, sa daan pa kayo nag-uusap.

_____4 Naglalakad ka patungo sa kantina nang makasalubong mo ang inyong punongguro. Ano ang sasabihin mo?
a. Hello!
b. Magandang umaga po.
c. Ano ang kailangan mo?

_____5 Hindi mo sinasadyang nabunggo ang isang matandang babae. Ano ang sasabihin mo?
a. Pasensiya na po, hindi ko po sinasadya.
b. Haharang-harang ka kasi!
c. Tabi diyan.

LIVEWORKSHEETS